

DepEd ADVISORY No. **454**, s. 2012
In compliance with DepED Order No. 39, s. 2009
this advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel
(visit DepEd website at www.deped.gov.ph)
September 17, 2012

LAKBAY-DULA PROGRAM

Ang Barasoain Kalinangan Foundation, Inc. (BKFI) ay nagsasagawa ng “*Lakbay-Dula Program*” sa pamamagitan ng pagtatanghal ng mga dulang musikal tulad ng “*Florante at Laura*,” “*Ibong Adarna*” at “*Noli Me Tangere*.” Nakatakdang ilibot sa mga tanghalan sa Metro Manila sa mga buwan ng Setyembre, Oktubre, Nobyembre at unang linggo ng Disyembre ng taong 2012.

Layunin ng Pundasyon na makapagpalaganap ng sining ng dulaan sa bansa at makapag ambag sa kamulatan ng mga mag-aaral sa kulturang Filipino.

Ang mga mag-aaral mula sa mga pampubliko at pribadong paaralan ay inaanyayahang tunghayan ang mga dulang Filipino upang maging matatag ang pundasyon ng bawat batang-Filipino sa pagkaunawa ng kanyang sariling kultura.

Ang pagdalo ng mga mag-aaral na mula sa pampubliko at pribadong paaralan ay dapat naaayon sa isinasaad na *no-disruption-of-classes policy* na halaw sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na “*Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.” Nararapat ding sang-ayon ito sa *no-collection policy* na isinasaad sa Section 3 ng Republic Act No. 5546, “*An Act Prohibiting the Sale of Tickets and/or the Collection of Contributions for Whatever Project or Purpose from Students and Teachers of Public and Private Schools, Colleges and Universities*.” (Ganzon Law)

Para sa karagdagang impormasyon, ang sinumang interesado ay maaaring makipag-ugnayan:

G. Joseph Cristobal
Executive Director
Barasoain Kalinangan Foundation, Inc. (BKFI)
Nicanor Abelardo Theater, Gat Blas Ople, Sentro ng Kabataan
Sining at Kultura ng Bulacan, Capitol Compound
Malolos City, Bulacan
Mobile Phone Nos.: 0927-648-6916; 0932-870-7091
Email Address: sonnyjcrisobal@yahoo.com
Website Address: www.pgca.org.ph